

## Meningococcal and HPV

Mahal na Magulang/ Tagapag-alaga:

Bilang isang magulang, walang ibang mas mahalaga kung hindi ang pangangalaga sa kalusugan ng inyong anak. Ang Kongreso ng Estado ng Washington ay nag-utos sa amin na gumawa ng impormasyon na maibibigay sa inyo tungkol sa sakit na meningococcal at human papillomavirus (HPV). Alamin ang mga katotohanan tungkol sa mga sakit na ito at ang mga bakunang mayroon upang mabigyan ng proteksiyon ang inyong anak.

### **Sakit na Meningococcal (Meninghitis) at Padhadlang**

#### **Ano ang sakit na meningococcal o meninghitis?**

Ang sakit na meningococcal ay isang mapanganib ng impeksiyon na baktirya. Mabuti na lamang, ang sakit na nakamamatay na ito ay madalang, na may 20-50 mga kaso ay naiulat bawat taon sa Washington. Ang pinaka-karaniwang sintomas ng sakit ay kinabibilangan ng lagnat, ubo, sakit ng ulo, at pantal. Ito ay maaaring maging sanhi ng meninghitis (pamamaga ng tumatakip sa utak at gulugod). Ang sakit ay kumakalat sa pamamagitan ng kontak na malapit sa isang kinapitan ng sakit. Ang mga kabataan at ang mga nasa gulang na ay may pagkakataong makakuha ng meninghitis na sakit, lalo na kung naninirahan sila na isang grupo katulad ng dormitoryo sa kolehiyo.

#### **Paano ko maipagsasanggalang ang aking anak sa sakit na meningococcal?**

Ang bakuna sa meningococcal, o MCV4, ay humahadlang laban sa apat na uri ng sakit. Ito ay inirerekomenda sa lahat ng mga bata sa pagitan ng 11 at 12 taong gulang, at muli sa 16 hanggang 18 taong gulang.

#### **Saan ako makakakuha ng bakuna sa meningococcal?**

Kausapin ang inyong doktor, nars, o lokal na departamento ng kalusugan upang makaalam pa. Ang Washington ay nagbibigay ng libreng bakuna sa mga bata hanggang edad 18. Ang mga tagabigay ay maaaring sumingil sa pagbisita sa opisina o singil sa pamamahala upang ibigay ang bakuna. Ang mga tao na hindi makabayad ng sinisingil ay maaaring makiusap ng pagpapalibre sa mga iyon.

#### **Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa meningococcal (meninghitis) na sakit at paano ito mahahadlangan:**

- Departamento ng Kalusugan ng Estado ng Washington  
[www.doh.wa.gov/YouandYourFamily/Immunization/Diseases/MeningitisMeningococcalDisease.aspx](http://www.doh.wa.gov/YouandYourFamily/Immunization/Diseases/MeningitisMeningococcalDisease.aspx)
- Sentro para sa Pagkontrol sa Sakit at Paghadlang  
[www.cdc.gov/vaccines/hcp/vis/vis-statements/mening.html](http://www.cdc.gov/vaccines/hcp/vis/vis-statements/mening.html)
- Ospital ng mga Bata ng Philadelphia Sentro sa Edukasyon ng Bakuna  
<http://prod-www.chop.edu/conditions-diseases/meningococcal-infections>

### **Human Papillomavirus (HPV) at Paghadlang**

#### **Ano ang HPV?**

Ang HPV ay isang karaniwang baktirya. Karamihan sa mga tao na nagkaroon na ng HPV ay hindi na magkakaroon ng isyu sa kalusugan. Subali't para sa iba, ang HPV ay nagiging sanhi ng malaking problema sa kalusugan, kasama ang kanser sa matres, butas ng puwit, vulvar, bibig, at lalamunan. Karamihan sa mga tao na may impeksiyon ay walang sintomas at maaaring ikalat ang baktirya na hindi ito nalalaman. Ang HPV ay kumakalat lamang sa pamamagitan ng sekswal na pakikipagtalik.

#### **Paano ko mapoprotektahan ang aking anak mula sa HPV?**

Siguruhin ang inyong anak ay magkaroon ng bakuna ng HPV. Ang bakuna ay lubhang epektibo. Ang pinakamabuting panahon ng ibigay ito ay bago magsimula ang aktibidad sa seks. Ang bakuna sa HPV ay makahahadlang sa impeksiyon mula sa ilang pangkaraniwang at grabeng uri ng HPV na nagiging sanhi ng kanser at kulogo sa pag-aari. Ang bakuna ay hindi makakaaalis sa mayroon ng impeksiyon sa HPV.

#### **Sino ang dapat kumuha ng bakuna at kailan dapat kunin nila ito?**

Tatlong doses ng bakuna sa HPV ay inirerekomenda para sa lahat ng batang lalaki at babae na nagsisimula sa edad na 11 hanggang 12. Ito ay inirerekomenda sa mga babae hanggang edad 26 at para sa lalaki hanggang edad 21. Karagdagan sa bakuna sa HPV, ang inyong 11 hanggang 12 ang edad ay kailangang tumanggap ng Tdap at bakuna sa meninghitis.

#### **Saan ako makakakuha ng bakuna sa HPV?**

Tanungin ang inyong doktor, nars, o lokal na departamento ng kalusugan tungkol sa bakuna at kung saan makukuha ito.

#### **Para sa marami pang impormasyon sa HPV, ang bakuna, at kanser sa matris:**

- Departamento ng Kalusugan ng Estado ng Washington  
[www.doh.wa.gov/Portals/1/Documents/Pubs/348-187\\_HumanPapillomavirusVaccineFactsheet.pdf](http://www.doh.wa.gov/Portals/1/Documents/Pubs/348-187_HumanPapillomavirusVaccineFactsheet.pdf)
- Sentro para sa Pagkontrol at Padhadlang sa Sakit  
[www.cdc.gov/std/hpv/](http://www.cdc.gov/std/hpv/)
- American Cancer Society  
[www.cancer.org](http://www.cancer.org)

Taos-puso,

Serbisyo ng Kalusugan ng Mag-aaral, Mga Pamublikong Paaralan ng Seattle